Usok

Aegis

Isip mo'y unti-unting
Nawawala't nalilito
Ang tulad mo'y parang usok
Unti-unting naglalaho

Tanging hiling ko lang sa 'yo
Nakaraan ay tanggapin
At ang ngayon ay harapin
Ang bukas mo'y darating pa

Kaya't huwag sanang damdamin
'Pagkat ito'y payo lamang
Mula sa akin, kaibigan
Na sa iyo'y nagmamahal

Tinangay na ng hangin
Ang masamang panaginip
Kaya't bigyan mo ng puwang
Ang puso mong nalulumbay

Isip mo'y unti-unting
Nawawala't nalilito
Ang tulad mo'y parang usok
Unti-unting naglalaho

Kaya't huwag sanang damdamin
'Pagkat ito'y payo lamang
Mula sa akin, kaibigan
Na sa iyo'y nagmamahal

Huwag mong sayangin ang panahon
'Pagkat ito'y may hangganan
Buksan mo ang pintuan
Kasama ng iyong puso

Tinangay na ng hangin
Ang masamang panaginip
Kaya't bigyan mo ng puwang
Ang puso mong nalulumbay

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!